Paano Maglaro

Fortune Pai Gow

Masiyahan sa paglaro.
Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Ang Fortune Pai Gow Poker ay nilalaro gamit ang isang deck ng 52 cards, at isang Joker. Ang Joker ay maaaring gamitin lamang bilang Ace o upang magkompleto ng isang straight, flush, o straight flush. Upang manalo, dapat matalo mo ang hands ng banker.

Ang lahat ng mga pusta ay dapat ilagay bago mag-deal ng anumang cards. Ang bawat manlalaro ay tatanggap ng pitong card na nakabaligtad, at hinihiwalay nila ito sa dalawang magkahiwalay na set – ang isa sa limang card, na tinatawag na 'back', at isa sa dalawang card, na tinatawag na 'front'. Upang manalo, dapat mas mataas ang halaga ng two-card hand at ng five-card hand kaysa sa two-card at five-card hand ng banker. Nagkakaroon ng *push* (tie) kapag mas mataas ang halaga ng iisa lamang sa iyong dalawang hands kaysa sa katumbas na hand ng dealer.

Ang nananalong hands ay binabayaran ng even money (1:1). Kapag nagkaroon ng push, itatago ng manlalaro ang orihinal na pusta. Ang mga panalo ng bawat manlalaro at ang net na panalo ng manlalaro/banker ay mapapailalim sa limang porsiyentong komisyon na kinokolekta ng dealer.

Ang Fortune Pai Gow Poker ay nag-aalok ng side bet na nagbabayad ng bonus sa hand mo lamang. Maaari kang magpusta nang hanggang $50 sa Fortune bonus na pusta bago i-deal ang cards.

Ang anumang Fortune Bonus bet na $5 o higit pa ay awtomatikong kwalipikado para sa Envy Bonus payout. Kung ang halaga ng hand na Four-of-a-Kind o mas mataas ay lumabas sa round, ang Envy Bonus ay babayaran sa lahat ng kwalipikadong manlalaro sa round na wala noong hand na iyon. Ang hand ng dealer ay hindi kailanman nagiging kwalipikado bilang Envy Bonus hand kahit na ang dealer ay hindi banker.

Fortune Pai Gow Poker Bonus Payout Chart

Qualifying Hands	Fortune Bonus	Envy Bonus Payout
7-Card Straight Flush - walang Joker	8,000 to 1	$5,000
Royal Flush Plus Royal Match	2,000 to 1	$1,000
7-Card Straight Flush - may Joker	1,000 to 1	$500
Five Aces	400 to 1	$250
Royal Flush	150 to 1	$50
Straight Flush	50 to 1	$20
Four of a Kind	25 to 1	$5
Full House	5 to 1	HINDI ANGKOP
Flush	4 to 1	HINDI ANGKOP
Three of a Kind	3 to 1	HINDI ANGKOP
Straight	2 to 1	HINDI ANGKOP

Ang Royal Flush ay maaaring mayroon o walang Joker. Ang Royal Match ay isang King at Queen ng parehong suit.

ROYAL FLUSH

STRAIGHT FLUSH

FOUR-OF-A-KIND

FULL HOUSE

FLUSH

STRAIGHT



THREE-OF-A-KIND

TWO PAIR

ONE PAIR OR LESS

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paano Maglaro ng table games, magtanong sa isang Dealer Supervisor, bumisita sa isang GameSense Info Centre sa lugar na ito, o magpunta sa www.bclc.com

bclc playing it right
GameSense
engage your GameSense.ca